

# IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™

## Sektor ng pagmamanupaktura bumalik sa paglago habang lumuwag ang mga paghihigpit para sa COVID-19

### Mga pangunahing nalaman

PMI umabot sa pinakatamaas na naitalang 53.6

Paglago ng output at bagong trabaho nasa pinakamabilis na naitala

Lumalakas ang mga pressure sa inflation sa gitna ng lumalalang mga pagkaantala ng supply

Kinolekta ang data noong 12-25 ng Oktubre 2021.

Ang sektor ng pagmamanapktura sa ASEAN ay nakaahon noong Oktubre ayon sa pinakabagong data ng IHS Markit Purchasing Managers' Index (PMI™), dahil ang pagluwag ng mga panuntunan laban sa COVID-19 ay nagdulot ng matinding bilis ng expansion sa parehong produksyon sa pabrika at mga bagong order. Gayunpaman, ang lumalalang mga pagkaantala ng supply ay nakaambag sa mas matinding mga pressure sa inflation, dahil ang parehong gastos sa input at average na singil ay tumaas sa pinakamabilis nito sa loob ng walong taon.

Ang headline PMI ay umabot ng 53.6 noong Oktubre mula sa 50.0 noong Setyembre, na nagpapahiwatig ng kauna-unahang pag-unlad ng mga kundisyon ng pagmamanupaktura ng ASEAN simula Mayo, at pinakamabilis na naitala simula noong nagsimula ang pagkolekta ng data noong Hulyo 2012.

Naitala ang gumandang mga kundisyon ng pagpapatakbo sa lahat maliban sa isa sa pitong miyembrong bansa ng ASEAN noong Oktubre. Nanguna sa mga ranking ang Indonesia, nang may pinakamataas na naitalang headline PMI (57.2), at nagpapahiwatig ng mabilis na pag-unlad sa kalagayan ng sektor, sa gitna ng mas maluluwag na panuntunan ng lockdown.

Sumunod dito ang Singapore, kung saan ang headline index (54.5) ay patuloy sa expansion sa ikalawang magkasunod na buwan, at nagpapahiwatig ng matinding pag-unlad ng mga kundisyon ng pagmamanapaktura.


Sa ibang lugar, nakapagtala ang Malaysia ng pagbalik sa paglago, nang may PMI na umabot lampas sa neutral na antas na 50.0 sa kauna-unahang pagkakataon simula noong Mayo. Sa 52.2, ang pinakabagong naitala ay nagpapahiwatig ng ikalawang pinakamabilis na pag-unlad sa kalagayan ng sektor simula Abril 2014. Naranasan din ng Vietnam ang kauna-unahan nitong expansion simula Mayo, nang may headline index (52.1) na nagpapahiwatig ng katamtamang pag-unlad ng mga kundisyon.

Kasabay nito, ang Pilipinas at Thailand ay nakapagtala ng bahagyang pag-unlad sa kalagayan ng kanilang mga sektor ng paggawa ng produkto, nang may mga PMI na umabot sa 51.0 at 50.9 ayon sa pagkakasunod ng pagkakabanggit.

*ipinagpatuloy...*

ASEAN Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

### Komento

Nagkomento sa mga resulta ng pinakabagong survey si Lewis Cooper, Ekonomista sa IHS Markit, aniya:

*“Ang pagluwag ng mga panuntunan laban sa COVID-19 sa rehiyon ay nagdulot ng pagbangon ng sektor ng pagmamanapaktura sa ASEAN noong Oktubre. Ang PMI ay umabot sa pinakamataas nito na 53.6, at nagpapahiwatig ng matinding pag-unlad sa mga kundisyon ng pagpapatakbo, kung saan nag-ambag ang matinding bilis ng expansion sa parehong output at mga bagong order.*

*“Sa mga miyembrong bansa, halos pangkalahatan ang paglago maliban sa Myanmar. Nanguna ang Indonesia sa mga ranking ng paglago, nang may PMI na mataas para sa survey. Sinundan ito ng Singapore, Malaysia, at Vietnam, at ang huling dalawa nito ay nagtala ng kauna-unahang pag-unlad sa kalagayan ng kanilang mga sektor ng paggawa ng produkto simula Mayo. Nakapagtala rin ang Pilipinas at Thailand ng mas magandang kundisyon ng pagpapatakbo noong Oktubre.*

*“Magandang balita ito kasunod ng ikatlong quarter na puno ng mga pagbaba, at ang pinakabagong data ay nagpapahiwatig na gumanda ang kundisyon ng sektor habang lumuluwag ang mga paghihigpit para sa COVID-19 at bumangon ang sektor. Ang data sa PMI ng susunod na buwan ay magbibigay ng unang indikasyon pagdating sa kasalukuyang bilis ng pagbangon habang nangyayari ito.”*

Myanmar lang ang bansa sa ASEAN na nakapagtala ng paghina ng mga kundisyon ng pagpapatakbo noong Oktubre. Ang headline index na 43.3 ay nagpahiwatig ng pinakamabagal na paghina simula noong Enero, gayunpaman ay isa itong matinding paghina.

Ang pagbalik sa expansion ay naitalak ng mga pagbangon sa parehong output at bagong trabaho noong unang buwang ng huling quarter. Tumaas ang produksyon sa pabrika sa kauna-unahang pagkakataon simula Mayo, nang may pinakamabilis na naitalang paglago. Nagkaroon ng parehong trend sa dami ng mga order book, na tumaas sa kauna-unahang pagkakataon sa limang buwan at ang pinakamabilis sa kasaysayan ng serye, bagama't bahagyang mas mabagal ito kumpara sa bilis ng output, dahil sa pangkalahatang pagiging estabilisado ng mga bagong order sa export.

Ang mas maraming kinakailangan sa produksyon ay naipakita sa bagong pagtaas sa aktibidad ng pagbili sa mga producer ng produkto sa ASEAN noong Oktubre, nang may pinakamabilis na naitalang pagdami. Dulot nito, tumaas ang mga imbentaryo bago ang produksyon, bagama't bahagya lang.

Gayunpaman, naglagay ng karagdagang pressure sa mga supply chain ang mas matinding pagbili ng input, dahil humaba ulit ang mga karaniwang oras ng paghahatid. Ang mga pagkaantala ay ilan sa pinakamalalang naitala.

Kasunod nito, ang mga producer ng produkto ng ASEAN ay nagtala ng matinding mga pressure sa inflation noong Oktubre. Tumaas ang mga pasanang gastos sa ikalabinsiyam na magkakasunod na buwan, at ang pinakabagong pagtaas ang pinakamabilis na naitala simula Oktubre 2013. Bilang resulta, tinaasan ng mga kumpanya ang kanilang mga karaniwang singil sa pinakamabilis na naitala sa loob ng walong taon.


Naulit din ang mga paghihigpit sa supply sa tuloy-tuloy na mga pressure sa kapasidad noong Oktubre, dahil dumami ang mga backlog ng trabaho sa ikaapat na magkakasunod na buwan. Kapansin-pansing ang bilis ng pagdami ng backlog ay hindi nagbago sa pangkalahatan mula sa pinakamataas ng serye noong Setyembre.

Ang pagbalik sa paglago ng sektor ng pagmamapanaktura sa ASEAN ay naipakita sa rin sa mas magandang kumpiyansa pagdating sa output sa susunod na taon. Pinakamatindi ang pananaw simula Hunyo 2019 at sa pangkalahatan ay nakaayon sa matagal nang average ng serye.

## Manufacturing PMI

Indonesia / Malaysia / Myanmar / Pilipinas  
Singapore / Thailand / Vietnam

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

## Makipag-ugnayan

Lewis Cooper  
Economist  
IHS Markit  
Telepono: +44 1491-461-019  
[lewis.cooper@ihsmarkit.com](mailto:lewis.cooper@ihsmarkit.com)

Joanna Vickers  
Corporate Communications  
IHS Markit  
Telepono: +44-207-260-2234  
[joanna.vickers@ihsmarkit.com](mailto:joanna.vickers@ihsmarkit.com)

## Pamamaraan

Ang IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added\*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added\*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerevisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaysay.

Ang data ng October 2021 ay kinolekta noong 12-25 October.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa [economics@ihsmarkit.com](mailto:economics@ihsmarkit.com).

\*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

## Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na nagreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

## Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2021 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa [joanna.vickers@ihsmarkit.com](mailto:joanna.vickers@ihsmarkit.com). Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

## Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahang nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa [ihsmarkit.com/products/pmi.html](https://ihsmarkit.com/products/pmi.html).